

Tungkol sa mga Karapatang Pantao

Ang mga karapatang pantao ay tumutukoy sa mga karapatan na ang lahat ay dapat mabuhay nang masaya.

Lahat ay ipinanganak nang may karapatang pahalagahan ang buhay, mabuhay nang malaya at makamit ang kaligayahan. Hindi kailanman dapat magsabi o gumawa ng anumang nakapipinsala sa mga karapatang pantao ng sinuman.



Pagkilala at magkakakilala ang isa't isa

Anuman ang kasarian, edad, nasyonalidad o lugar na pinanggalingan, lahat ay tao. Unawain natin ang ating mga pagkakaiba at magkasundo nang sama-sama.

Lahat ay dapat totoo sa kanilang mga sarili

Lahat ay libreng gawin ang anumang gusto nila. Hindi katanggap-tanggap na hadlangan ang ibang tao o mahadlangan.

Respetuhin ang mga buhay ng lahat

Ang bawat tao sa mundo ay mahalaga at hindi mapapalitang nilalang. Kumilos tayo nang may kabutihan at may pagdamay sa isa't isa.

Ang mga ahensiya ng proteksyon sa mga karapatang pantao ng Ministeryo ng Hustisya ay nagtaguyod ng **17 inisyatiba** para protektahan ang mga karapatang pantao.

- 01 Protektahan ang mga Karapatan ng Kababaihan
- 02 Protektahan ang mga Karapatan ng Kabataan
- 03 Protektahan ang mga Karapatan ng Matatanda
- 04 Alisin ang Pagkiling at Diskriminasyon Laban sa mga May Kapansanan
- 05 Solusyonang Problema sa Dowa(Diskriminasyon sa Burakumin)
- 06 Alisin ang Pagkiling at Diskriminasyon Laban sa mga Ainu People
- 07 Respetuhin ang mga Karapatan ng mga Dayuhan
- 08 Alisin ang Pagkiling at Diskriminasyong may Kinalaman sa mga Nakahahawang Sakit
- 09 Alisin ang Pagkiling at Diskriminasyon Laban sa mga Pasyenteng may Ketong, Dating Pasyente Nito at mga Pamilya Nilang
- 10 Alisin ang Pagkiling at Diskriminasyon sa mga Indibidwal na Natapos na ang Kanilang mga Sentensya at mga Pamilya Nilang
- 11 Isaalang-alang ang mga Karapatan ng mga Biktima ng Krimen at mga Pamilya Nilang
- 12 Alisin ang mga Paglabag sa mga Kaparatang Pantao sa Internet
- 13 Palalimin ang Kamalayan sa mga Paglabag sa mga Kaparatang Pantao ng mga Awtoridad ng North Korea
- 14 Alisin ang Pagkiling at Diskriminasyon sa mga Walang Tahanan
- 15 Alisin ang Pagkiling at Diskriminasyon Base sa Sekswal na Oryentasyon o Pagkakakilanlan ng Kasarian
- 16 Alisin ang Human Trafficking
- 17 Alisin ang Pagkiling at Diskriminasyong Mula sa mga Sakunang Tulad ng mga Lindol



Ministeryo ng Hustisya, Serbisyo ng Pagpapayo sa mga Karapatang Pantao [Sa Buong Bansa]

Mga Pangkalahatang Karapatang Pantao

Hotline ng mga Karapatang Pantao 110

TEL 0570-003-110

[Mga Oras na Bukas] Weekdays 8:30 AM hanggang 5:15 PM

Mga Kababaihan

Hotline ng mga Karapatan ng Kababaihan

TEL 0570-070-810

[Mga Oras na Bukas] Weekdays 8:30 AM hanggang 5:15 PM

Mga Kabataan

Hotline ng mga Karapatan ng Kabataan 110

TEL 0120-007-110

[Mga Oras na Bukas] Weekdays 8:30 AM hanggang 5:15 PM

Dayuhan

Hotline ng Pagpapayo sa mga Karapatang Pantao sa Banyagang Wika

TEL 0570-090911

[Mga Oras na Bukas] Weekdays 9:00 AM hanggang 5:00 PM

Hotline ng Pagpapayo sa mga Karapatang Pantao sa Banyagang Wika sa Internet
<https://www.moj.go.jp/JINKEN/jinken21.html#01>



Pagpapayo sa Di-patas na Diskriminasyon at mga Karapatang Pantao [Okinawa Prefecture]

Serbisyo ng Pagpapayo sa mga Karapatang Pantao ng Okinawa Prefecture

TEL 098-863-9281

■Tuwing Lunes, Miyerkules, at Biyernes (maliban tuwing mga pampublikong holiday)
10:00 AM hanggang 12:00 PM / 1:00 PM hanggang 3:00 PM
[koreo] jinken-soudan@pref.okinawa.lg.jp

Pagpapayo sa Sekswal na Oryentasyon o Pagkakakilanlan ng Kasarian [Okinawa Prefecture]

Pagpapayo sa LGBTQ Rainbow

TEL 098-880-8434

■Tuwing Sabado mula 10:00 AM hanggang 5:00 PM

Okinawa Prefecture, Kagawaran ng Kinabukasan ng mga Kabataan, Pagpapalakas sa mga Kababaihan at Seksyon ng Pagsulong sa Pagkakaiba-iba

TEL 098-866-2500 FAX 098-866-2589



Website ng Okinawa Prefecture

Ordinansa ng Okinawa Prefecture para sa Paglikha ng Lipunang walang Diskriminasyon Maghanap



Website ng Espesyal na Ordinansa

Ordinansa ng Okinawa Prefecture para sa Paglikha ng Lipunang walang Diskriminasyon

— Ganap na Ipinatupad noong ika-1 ng Oktubre 2023 —

Hindi pinapayagan ang diskriminasyon sa sinumang tao. Sikapin nating bumuo ng isang lipunan kung saan ang mga tao ay nirespeto ang pagkatao at pagiging indibidwal ng bawat isa, at sama-samang nakatira nang may pagkakasundo.




Sinusuportahan ng Okinawa Prefecture ang mga Sustainable Development Goals (SDGs)

Pagpapatupad ng Ordinansa

Sa Okinawa Prefecture, sa kabila ng matagal na pagsisikap na alisin ang di-patas na diskriminasyon, mayroon pa ring pamiminsala at di-patas na diskriminasyon base sa ilang attribute tulad ng lahi, nasyonalidad, o background, na mahirap para sa mga indibidwal na baguhin, partikular na sa mga pampublikong lugar at sa internet. Dagdag pa nito, mayroong di-sapat na pang-unawa ng pagkakaiba-iba sa sekswal na oryentasyon at pagkakakilanlan ng kasarian. Para harapin ang mga isyung ito nang mas epektibo at isulong ang mga pagsisikap na alisin ang mga ito sa buong lipunan, ipinatutupad ang ordinansang ito.

Layunin

Para isulong ang pagtanggap sa di-patas na diskriminasyon sa buong lipunan at sikapin na lumikha ng lipunan na walang di-patas na diskriminasyon.



Mga Pangunahing Prinsipyo

Sa ilalim ng pagkilala na walang dapat sumali sa di-patas na diskriminasyon base sa lahi, nasyonalidad, paniniwala, kasarian, sekswal na oryentasyon, pagkakilanlan ng kasarian, estado sa lipunan, pinagmulan o iba pang dahilan, ang prefecture, mga munisipalidad, residente at negosyo ay nakikipagtulungan sa isa't isa para isulong ang pagbuo ng lipunan na walang di-patas na diskriminasyon sa buong lipunan.


Mga Responsibilidad ng Prefecture, mga Residente, at mga Negosyo

Mga Responsibilidad ng Prefecture



Magpatupad ng mga patakaran para sa pagbuo ng lipunang walang di-patas na diskriminasyon.

Mga Responsibilidad ng mga Residente



Pagpapalalim ng interes at pag-unawa tungkol sa kahalagahan ng pagrespeto sa mga karapatang pantao. Pakikipagtulungan sa mga hakbang na ipinatutupad ng prefecture.

Mga Responsibilidad ng Negosyo



Pagsulong sa mga pagsisikap sa pag-alis sa di-patas na diskriminasyon kapag nagsasagawa ng mga gawaing pang-negosyo. Pakikipagtulungan sa mga hakbang na ipinatutupad ng prefecture.

Pangunahing Patakaran

- 1 Isulong ang prinsipyo ng pagrespeto sa mga karapatang pantao at palalimin ang pang-unawa sa mga residente.
- 2 Magbigay ng angkop na sagot sa mga pagkonsulta tungkol sa di-patas na diskriminasyon.
- 3 Isulong ang pagtanggap sa di-patas na diskriminasyon sa pagtugon sa mga batayang dahilan at iba pang aspeto ng diskriminasyon.

Mga Hakbang na Ipinatutupad ng Prefecture Base sa Napakahalagang Patakaran

Mga Hakbang Laban sa Di-patas na may Diskriminasyong Pag-uugali

Edukasyon at Kaalaman sa Angkop sa Paggamit ng Internet

Mga Pagsisikap na Alisin ang Di-patas na may Diskriminasyong Pag-uugali Base sa Pagiging Isang Residente

Mga Hakbang para Alisin ang Di-patas na may Diskriminasyong Pag-uugali Laban sa mga Indibidwal na Dayuhan (Paghahayag ng Overview ng mga Gawain ng Masamang Pananalita at mga Pangalan o Titulo ng mga may Kinalaman sa Masamang Pananalita)

Mga Hakbang para Harapin ang Di-patas na Diskriminasyon Base sa Sekswal na Oryentasyon o Pagkakakilanlan ng Kasarian

Daloy ng mga Hakbang sa Pagharap sa Di-patas na may Diskriminasyong Pag-uugali Laban sa mga Indibidwal na Dayuhan

Pag-unawa sa mga Kaso Kung Saan Naiulat ang Di-patas na may Diskriminasyong Pag-uugali Laban sa mga Indibidwal na Dayuhan

Pagkonsulta sa "Konseho ng Okinawa Prefecture Para sa Paglikha ng Isang Lipunang Walang Diskriminasyon"

Kung Natukoy ang Di-patas na may Diskriminasyong Pag-uugali (Sagot)

Pagbibigay ng Pagkakataon sa mga Taong Sumasali sa mga Gawain ng Masamang Pananalita na Gumawa ng mga Pahayag

Mga Hakbang sa Paghahayag

- Paghahayag ng Overview ng mga Gawain ng Masamang Pananalita at mga Pangalan o Titulo ng mga may Kinalaman
- Abiso sa Kawanihan ng mga Legal na Gawain ng Distrito ng Naha

*Ang mga hakbang sa paghahayag ay para sa layunin ng pag-aangat ng kamalayan at hindi regulasyon ang mga ito.

Q&A

Q. Ano ang Di-patas na Diskriminasyon?

Ito ay tumutukoy sa paggawa ng mga pagkakaiba, pagbubukod, o limitasyon nang walang wastong dahilan base sa mga attribute o katangian ng mga indibidwal na hindi kayang mabago ng kanilang sariling kagustuhan.

Sa ordinansa, mayroong "mga di-patas na may diskriminasyong pangungusap" at "di-patas na may diskriminasyong pagtrato."



Mga post na pahihinain ang dignidad ng mga indibidwal



Matanggihan sa pagpasok sa restawran



Matanggihan sa pag-upa sa isang apartamento

Q. Ano ang "Di-Patas na May Diskriminasyong Pag-uugali Laban sa mga Indibidwal na Dayuhan"?

Ito ay tumutukoy sa mga pagkilos o ekspresyon na bukas na naghahayag ng mga intensyong maminsala ng buhay, katawan, kalayaan, dangal, o ari-arian ng mga indibidwal na hindi Hapon, sa gayon ay nagsusulong o nag-uudyok ng mga may diskriminasyong pagtingin sa kanila. Kabilang dito ang malaking mapanlait na pagtrato sa mga indibidwal base sa kanilang pinagmulan mula sa mga bansa o rehiyon sa labas ng bansang Hapon na may layuning udyukin ang kanilang pagbubukod sa lokal na komunidad.

*Kabilang ang mga post na ginawa sa internet.



Nagbabantang pag-uugali



Mga lubhang mapanlait na pangungusap

*Kabilang din ang mga ugaling paghahambing sa mga indibidwal sa mga insekto, hayop, o bagay nang may diskriminasyon o sa mapanlait na paraan



Ugaling nag-uudyok ng hindi pagsama sa mga indibidwal sa lokal na komunidad

~ Tungkol sa Masamang Pananalita (Hate Speech) ~

May diskriminasyong pag-uugali na sinisirang-puri at iniinsulto ang mga partikular na etnisidad o nasyonalidad na may layuning ibukod sila sa lipunan na sa pangkalahatan ay tinutukoy bilang masamang pananalita. Gayunpaman, walang legal na kahulugan ang masamang pananalita at ang saklaw nito ay hindi malinaw na tinukoy.

Ang masamang pananalita ay maaari ring magamit nang salitan sa "Di-patas na may Diskriminasyong Pag-uugali Laban sa mga Indibidwal na Dayuhan" ngunit maaari ring simpleng nangangahulugan na "mga pagpapahayag ng lantarang hinanakit."

Ang masamang pananalita ay hindi lamang nakakabagabag at nakamumuhi sa mga tao, kundi maaari rin itong bumagabag sa dignidad ng tao at magpaunlad ng mga may diskriminasyong pagtingin. Samakatuwid, ito ay ugaling hindi kailanman dapat pahintulutan.

Mahalaga para sa lahat na matatag na panghawakan ang kamalayan na ang masamang pananalita ay hindi katanggap-tanggap.